



Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

# CNorte kaisa sa selebrasyon ng Flag Days at 111th Anibersaryo ng Kalayaan ng Pilipinas

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 12 DAET, CAMARINES NORTE HUNYO 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

nasa loob

EDITORYAL 4
PIKTORYAL 7
Salamat Gob HELP column p 2

Nakiisa ang lalawigan ng Camarines Norte sa pambansang selebrasyon ng ika-111 taong anibersaryo ng kalayaan ng bansa kaalinsabay ng pag-obserba sa *Flag Days* simula Mayo 28 hanggang Hunyo 12, 2009.

Kaugnay nito, ipinalabas kamakailan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang Memorandum Blg. 090527-01 na nag-aatas sa mga kinauukulan na magsabit/maglagay ng mga bandila *(flags)* o munting bandila *(flaglets)* sa kani-kanilang tahanan, nasasakupang establisimyento, parke at mga

(Sundan sa pahina 3)

# Patimpalak, iba pa, tampok sa Araw ng Kalayaan



**Mr. Abel C. Icatlo**
***Museum Curator I***

Ginunita at ipinagdiwang ng buong lalawigan ng Camarines Norte ang ika-111 taong pagiging malaya noong ika-12 ng Hunyo 2009 na may paksang: ***"Kagitingan, Kagalingan at Kasipagan, Tungo sa Tunay na Kalayaan."***

Maraming gawain ang inihanda ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamumuno ni Gobernador. Jesus O. Typoco, Jr. at sa pakikipagtulungan ng *Museum Archives and Shrine Curation Division-Office of the Governor (MASCD-G.O.)* na pinamumunuan ni G. Abel C. Icatlo, *Museum Curator I* at hepe ng nabanggit na tanggapan.

Una rito ay ang *Poster-Making Contest* na isinagawa noong ika-8 ng Hunyo 2009 sa ganap na ika-1:00 ng hapon sa *Central Plaza Mall Atrium.* Ang tema ng naturang patimpalak ay ***"Kalikasan, Kaunlaran, Kapayapaan tungo sa Tunay na Kalayaan".***

Ang mga kalahok dito ay mga piling mag-aaral mula sa mga pampubliko at pribadong paaralang sekondarya sa lalawigan. Nagkaroon ito ng anim (6) na opisyal na kalahok kung saan ang tatlong (3) nangungunang kalahok ay nagkamit ng mga kaukulang gantimpala. Pinagkalooban naman ng kaukulang sertipiko ang lahat ng lumahok sa naturang gawain bilang katibayan ng kanilang pagsali.

Kabilang sa mga nagwagi sa patimpalak ay sina Erwin D. Jamito ng *Basud National High School (BNHS)* na nagkamit ng unang puwesto at gantimpalang P1,500.00 at medalyang ginto. Ang pangalawang puwesto ay nakuha ni Ma. Angela T. Sabularse ng *St. Francis*

(Sundan sa pahina 3)



***Ang kauna-unahang parola sa Bicol na nasa tuktok ng Canimog Island na itinayo noong Hunyo 26, 1927 bilang gabay sa mga mangingisda sa Pacific Ocean tuwing sasapit ang gabi. Tanaw rin ito sa baybayin ng Bagasbas dito sa Daet. Bahagi ang Canimog Island ng 7 Group of Islands sa bayan ng Mercedes, Camarines Norte, na dinarayo ngayon ng mga turista rito sa lalawigan. Kung nais na makarating dito sa parola ng Canimog Island ay makipag-ugnayan sa tanggapan ng Provincial Tourism Office sa pamumuno ni Edgardo "Boy" Reyes, Provincial Tourism Officer-Designate sa Tel. #(054) 721-3087 o kaya' bumisita sa kanilang tanggapan sa Provincial Capitol Complex, Daet, Camarines Norte.*** **(photo grab fr: melvicbrinas.multiply.com)**




*Ang selebrasyon ng ika-111 taong Anibersaryo ng Kalayaan ng Pilipinas na isinagawa dito sa lalawigan ng Camarines Norte na tinampukan ng isang civic military parade na nilahukan ng mga mag-aaral mula sa iba't-ibang paaralan dito. Bago ito, isinagawa muna sa Kapitolyo Probinsyal ang: misang paggunita, pagtataas ng watawat, paggawad ng medalya at premyo sa mga mag-aaral sa hayskul na nanalo sa poster-making contest, at pagkakaloob sa ilang indibidwal ng katibayan ng pagiging benepisyaryo ng Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo (PGMA) Scholarships na ipinatutupad sa bansa sa pamamagitan ng iba't-ibang sangay ng TESDA.*

# Pangulong Gloria Scholarships
## ipinatutupad din ng TESDA CNorte


Elizabeth L. Bornas
*TESDA Provincial Director*




Sa harap ng krisis-pampinansyal na nararanasan sa iba't-ibang panig ng mundo, binuo kamakailan ng pamahalaang nasyonal ang *Economic Sustainability Plan* sa layuning mapababa ang insidente ng *unemployment* at *underemployment* sa bansa. Kabilang din dito ang pagtulong sa mga mahihirap ngunit karapat-dapat na Pilipino na libreng makapag-*enrol* sa *job-directed training programs* at makakuha ng kaukulang kwalipikasyon para sa mas malaking tsansa na maempleyo kaagad pagkagradweyt.

Ito ay sa pamamagitan ng Pangulong Gloria *Scholarships (PGS)* na ipinatutupad sa iba't-ibang panig ng bansa sa pamamagitan ng *Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)*.

Dito sa lalawigan ng Camarines Norte, ilang indibidwal na ang naging benepisaryo ng naturang programa kung saan ang katibayan ng kanilang pagiging iskolar ay ipinagkaloob sa kanila ni *TESDA Provincial Director* Elizabeth L. Bornas. Ito ay sa programang isinagawa noong Hunyo 12, 2009 sa Kapitolyo Probinsyal sa selebrasyon dito ng ika-111 taong anibersaryo ng Kalayaan ng Pilipinas.

Bilang karagdagan, bahagi rin ng *PGS* ang *PGMA-Training for Work Scholarship Program (TWSP)* na layuning makapagbigay ng *skills and competencies* sa mga naghahanap ng trabaho (*job seekers*) sa pamamagitan ng angkop na *training programs* para sa mga trabaho na madaling pasukan. Hangad din ng programa na mapalakas ang edukasyon sa mga pampribadong paaralan at *training institutions* na nagbibigay ng kaugnay na *training programs* na tumutugon sa *job requirements.*

Ang *TWSP* ay proyektong magkatuwang na itinataguyod ng mga ahensya ng pamahalaan sa pangunguna ng *TESDA*, *Department of Labor and Employment (DOLE)* at *Office of the Presidential Adviser for Job Creation (OPAJC)*, organisasyon ng mga pribadong sektor, asosasyon ng mga industriya *(industry associations)*, unyon ng mga mangga-

*(Continued on page 3)*

# Communication Task Force binuo para paigtingin ang CRC at CFM advocacies


**Elena Banal-Austria**
***Asst. PPDC***

Sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2009-13, isinagawa ang reorganisasyon ng *Communication Task Force (CTF)* ng *Sixth Country Programme for Children (CPC 6)* susog sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2006-05 na una nang bumuo sa nasabing *task force*.

Ang *CTF* ay pangungunahan ni *Asst. Provincial Planning and Development Coordinator* Elena Banal-Austria ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* bilang *team leader*. Makakasama niya sa grupo si Ms. Rosalita Manlangit *ng Philippine Information Agency (PIA)* bilang *assistant team leader*. Ang mga miyembro nito mula sa iba't-ibang pampamahalaan at pribadong tanggapan ay kinabibilangan nina: *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas at Lorena T. Ibasco, *Admin. Officer V (Info. Officer III)* ng *CAO/SSWDSD-G.O.*; *Provincial Nutrition Action Officer* Mercedes Juan, Julita Palad at Marino Abogado ng *Provincial Health Office (PHO)*; *Math Division Supervisor* Ramon Avila ng *Department of Education (DepEd)*; Cynthia R. dela Cruz ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*; Nimfa E. Camara ng *PPDO*; Irene V. Olivar ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*; Asst. Provincial Director Melody Relucio ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)*, at Benny Elevado, *adult facilitator, Kabataan News*


**(Sundan sa pahina 8)**

# Salamat Gob HELP column

## Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | | |
|---|---|---|---|
| June | 1 | Roderick Derek A. Dela Cruz—Brgy. Parang, J. Panganiban for a dance competition | P1,000.00 |
| | | Ruben Garcia, P-1 Brgy. IV, Daet, Camarines Norte for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Belen M. Callada, President of DACANOA for a Livelihood Seminar Workshop | 1,000.00 |
| | | Maritess Remot, mother of Ma. Antonette Remot, a student of Mabini College for tuition fee | 1,000.00 |
| | | Loreta Dumagco, mother of Plaridel C. Dumagco of Mabini College for tuition fee | 2,000.00 |
| | | Rosario H. Pacinos of Brgy. Bagong Silang I, Labo for burial assistance | 1,000.00 |
| | 4 | Alma A. Cambiene, SK Chairman of Brgy. Lag-on, Daet for awarding ceremony for their barangay activity | 500.00 |
| | | PB Ricardo A. Ruel, Jr. of Brgy San Roque, Mercedes for payment of sound system for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Aileen Zabala of Brgy. Alawihao for medical assistance | 1,000.00 |
| | | Mary Grace Naing Naag and Aleya Rian Panol of Naga City for medical assistance | 2,000.00 |
| | 15 | Raymar M. Corporal, Sk Chairman of Brgy. Poblacion Dos, Basud for the Battle of the Band and Dance Showdown | 1,0000.00 |
| | | Welkins Era of CNSC for his Summer Class tuition fee | 1,000.00 |
| | | Maritess Bautista of Brgy. Langga, Basud for Edmar Bautista of CNSC for tuition fee | 2,000.00 |
| | | Regina Idaloy of P-4, Poblacion 1, Basud for Eva B. Idaloy of CNSC tuition fee | 3,000.00 |
| | 17 | Angelica Ong of Brgy. Bagasbas, Daet for tuition fee in Mabini Colleges | 3,000.00 |
| | 26 | Salvacion Gerola of P-6, Brgy. Hinipaan, Mercedes for an Inter-Purok Junior Basketball Game | 1,000.00 |
| | 29 | Ana Peñaflor for assistance to Reynaldo Sacriz of Brgy. Alawihao, Daet | 1,000.00 |
| | | Mariella D. Castro of Brgy. Camambugan, Daet for tuition fee at CNSC | 500.00 |
| | 30 | Ramon Brioso of Bliss Magang, Daet to follow-up pertinent papers of their association | 500.00 |
| | | **TOTAL** | **P23,500.00** |

# Citizen's Charter sa CNorte binuo kaugnay sa implementasyon ng ARTA



**Engr. Gerry G. Quiñones**
**Exec. Asst. IV / Task Force Head**

Sa pamamagitan ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 9-2009, iniatas kamakailan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang pagbalangkas ng *citizen's charter* ng pamahalaang panlalawigan, at ang pagbuo ng kaukulang komitiba at *taskforce* para mangasiwa at maayos na maisakatuparan ang nabanggit na proyekto.

Ito ay bilang pagtalima ng pamahalaang panlalawigan sa kautusan ng pamahalaang nasyonal na ipatupad ng lahat na sangay ng pamahalaan ang *Anti-Red Tape Act of 2007* na mas lalong kilala bilang ***Republic Act No. 9485,*** "*An Act to Improve Efficiency in the Delivery of Government Service to the Public by Reducing Bureaucratic Red Tape, Preventing Graft and Corruption, and Providing Penalties Therefor*".

Sa ilalim ng naturang batas, ang lahat na pamahalaang lokal ay kailangang bumuo ng mga gabay at pamantayan sa pagbibigay ng mga serbisyo *(service standards)* sa publiko na tatawagin bilang *citizen's charter*. Ito ay maaaring sa porma ng isang *information billboards* na ilalagay sa mga pangunahing pasukan ng mga opisina o pinakamataong lugar, ó nilimbag na babasahin na nasa wikang Ingles o Filipino o lokal na dayalekto. Isinusulong nito ang kampanya para makabuo ng isang maayos na pamahalaang lokal na nagbibigay ng maliwanag, walang kinikilingan, responsable at angkop na serbisyong tumutugon sa pangangailangan ng mga mamamayan nito.

Sinusuportahan ng pamahalaang panlalawigan ang implementasyon nito sapagkat hangarin din nito na makapagbigay ng maayos na serbisyo-publiko, mapababa kung hindi man maalis ang insidente ng *graft and corruption*, magkaroon ng *feedback*, *complaints* at *redress mechanisms*, at pamantayan sa pagtaya sa antas ng pagganap sa tungkulin ng pamahalaang lokal at mga kawani nito, makapagbigay ng pantay na pagtrato sa mga kustomer at makapagbigay-kasiyahan sa kanila, at makapagbukas ng oportunidad para makalahok ang mga mamamayan sa pagbibigay ng mahusay na serbisyo, maliban pa sa iba.

Kaugnay nito, binuo ni Gob. Typoco, Jr. ang *Steering Committee on the Citizen's Charter Initiative* na magsisilbing pangunahing grupong tagapayo *(advisory body)* sa pagbuo ng *citizen's charter* ng pamahalaang panlalawigan.

Pangungunahan ito ng gobernador bilang *committee chairman* at Bokal Jonah G. Pimentel bilang *committee vice chairman*. Ang mga miyembro nito ay sina Bokal Arthur Michael G. Canlas, *Provincial Planning and Devt. Coordinator* Madonna A. Abular at *Asst. Provincial Planning and Devt. Coordinator* ng *Provincial Planning and Devt. Office (PPDO)*; Elena B. Austria *(PPDO)*; Helen B. Abordo ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*; at *Engr.* Gerardo G. Quiñones, *Executive Asst. IV* at *head* ng *Taskforce on the Citizen's Charter Preparation*. Ang pagbuo *(formulation)*, pagsulat at *packaging* ng *citizen's charter* ay pangungunahan ng *taskforce* na kinabibilangan ni *Human Resource Management Officer IV* Edilberto C. Baraquiel bilang *task force deputy* at lahat na mga *department heads* at hepe ng mga dibisyon ng Tanggapan ng Gobernador, at si *Provincial Director* Robin M. Mercado ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)* bilang *facilitator*.

Matatandaan din na ginanap kamakailan sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), Provincial Capitol* ang *1-day presentation and critiquing* ng *Frontline Services* ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan.

Ito ay kaugnay sa pagbuo ng *action plan* ng pamahalaang panlalawigan susog sa *Republic Act No. 9485 and its Implementing Rules and Regulations*. Naging panauhin dito sina CSC Director Elizabeth B. Mateo at *DILG PD* Robin M. Mercado. Ipinahayag nila ang kani-kaniyang puna at obserbasyon at nagbigay sila ng rekomendasyon na mahalaga sa pagbuo ng *Citizens Charter*. Ipinaabot din ng dalawang opisyales ang kanilang kahandaan na tumulong sa nabanggit na gawain.

Tinalakay sa naturang aktibidad ang konsepto, layunin at mahahalagang isyu patungkol sa *ARTA*. Nagkaroon din ng *workshop* na na-

(Sundan sa pahina 9)

## Pangulong Gloria...

(Continued from page 2)

gawa *(labor unions)* at pampubliko at pribadong institusyon patungkol sa pagsasanay at edukasyon.

Kung ang nais mag-aplay sa *scholarship* ay interesadong makapasok sa mga *business process outsourcing (BPO) job* katulad ng mga *call center agents, medical transcriptionists, software developers*, maaari silang mag-aplay sa alinmang *BPO company*. Sa mga lugar na walang *BPO companies*, ang mga interesadong aplikante ay pinapayuhan na magparehistro sa pinakamalapit na *DOLE* o *TESDA Regional/Provincial Office* gamit ang *Computerized National Manpower Registry System (CNMRS) form*. Maaari rin silang mag-***log*** on sa TESDA website, ***www.tesda.gov.ph*** ó sa ***PHIL-Jobnet www.phil-job.net***.

Sa sandaling maka kwalipika, ang *scholarship certificate* ay ipagkakaloob sa pamamagitan ng *Business Processing Association of the Philippines (BPAP)* at ng mga asosasyong miyembro nito katulad ng *Contact Center Association of the Philippines (CCAP), Medical Transcription Industry Association of the Philippines, Inc. (MTIAPI), Animation Council of the Philippines, Inc. (ACPI)*, at *Philippine Software Industry Association (PSIA)*. Maaari ring tanggapin ang katibayan ng pagiging iskolar sa pamamagitan ng pinakamalapit na *TESDA Regional/Provincial Office/ District Offices* ó sa iba pang *sectoral organizations, industry associations* at *social and civic organizations* kung saan may *existing MOA* ang *TESDA*. ***LT IBASCO***

## Patimpalak...

(Mula sa pahina 1)

*Parochial School (SFPS)* gayundin ang premyong P1,000.00 at medalyang pilak. Si Jeffrey T. Caramoan na mag-aaral din ng SFPS ang nagkamit ng ikatlong puwesto at gantimpalang P750.00 at medalyang bronse.

Samantala, ang naging pinakatampok na aktibidad sa selebrasyon dito ng Araw ng Kalayaan noong ika-12 ng Hunyo 2009 ay ang *misa de gracia* na isinagawa ni *Rev. Fr.* Jose Julian, *parish priest, Divine Mercy Parish* na ginanap sa *Provincial Capitol front lobby* sa ganap na ika-7:00 ng umaga. Nagkaroon din ng *flag raising ceremony* sa *Provincial Capitol Grounds* sa pangunguna ng mga opisyales ng Pamahalaang Palalawigan at *Veterans Federation of the Philippines Camarines Norte (VFPCN) Chapter*. Si-nundan ito ng pagbibigay ng gantimpala sa mga nanalo sa *poster-making contest*.

Ang pagkakaloob naman ng sertipiko sa mga benepisaryo ng *Pangulong Gloria Scholarships (PGS)* ay pinangunahan ni *Provincial Director* Elizabeth L. Bornas ng *Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)* katuwang ang ilang Kagawad ng Sangguniang Panlalawigan (SP). Pinangasiwaan naman ni G. Icatlo ang pangkalahatang daloy ng nasabing programa.

Matapos ang programang paggunita, agad na isinagawa ang isang *socio-civic and military parade* na pinangunahan ng *Philippine National Police (PNP)* at *Philippine Army (PA)*. Nakiisa rito ang iba't-ibang departamento ng mga pamahalaang lokal at nasyonal gayundin ang mga guro at mga mag-aaral mula sa ilang paaralang elementarya at sekondarya sa bayan ng Daet. Ang parada na nagsimula sa *Provincial Capitol Grounds* ay dumaan sa mga pangunahing kalsada sa sentro ng Daet at nagtungo sa *Central Plaza Mall* kung saan ang mga sumali sa parada ay binigyan ng isnak ng mga kawani at piling kabataan na boluntaryong nagsilbi sa *G.O.-MASCD*. ***AIDA B. PANDEAGUA***

## CNorte kaisa...

(Mula sa pahina 1)

pribado at pampublikong tanggapan. Ang lahat ding empleyado ng pamahalaang panlalawigan na may sasakyan ó motrosiklo ay inaatasan na maglagay ng *flag* ó *flaglets* sa kanilang mga behikulo.

Ito ay bilang paggunita at pagkilala sa kabayanihan at kagitingan ng ating mga ninuno na dahil sa marubdob na pagmamahal sa ating bansa ay isinaisantabi ang pansariling interes sa layuning mailigtas ang ating bansa mula sa miserableng katayuan nito sa mga mananakop na dayuhan.

Matatandaan din na una nang ipinalabas ni Gob. Typoco, Jr. ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 10-2009 na nagtatakda sa pag-obserba sa Flag Days simula Mayo 28 hanggang Hunyo 12, 2009 at ang anibersaryo ng ika-111 taong anibersaryo ng Kalayaan ng Pilipinas sa Hunyo 12, 2009 na may pambansang tema na: "***Kagitingan, Kagalingan at Kasipagan Tungo sa Tunay na Kalayaan***."

Nakapaloob din dito ang kautusan sa lahat na pambansang ahensya at instrumentaliti, lahat na pampubliko at pribadong paaralan, mga pansosyo-sibiko at panrelihiyong organisasyon at ang publiko sa kabuuan na magbigay ng buong suporta at aktibong partisipasyon sa mga gawain kaugnay ng mga nabanggit na pambansang selebrasyon. ***LT IBASCO***




# EDITORYAL

## Sa isyung pampamilya na bata ay may kaugnayan, karapatan niya na siya'y mapakinggan

Makabagbag-damdamin ang mga pananaw ng mga kabataan sa mga seryosong usapin ng buhay pampamilya. Ito ay inihayag ng may 45 kabataang *indigent* subali't matatalino na nag-*apply* sa *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)* sa katatapos pa lamang na *interview/essay* nang nakatalikod na buwan.

Sa sigalot na pampamilya, tulad ng parating pag-aaway ng mag-asawa, higit na apektado ang kanilang anak ó mga anak. Dapat alalahaning hindi nagkaroon ang mga bata ng pagkakataong pumili ng kanilang magiging mga magulang. Nguni't kung anumang uri ng pamilya mayroon na sila, hindi nila ito maipagpapalit kaninuman. Subali't sa talarang nakikita nila sa kanilang mga magulang, hindi maiwasang hindi sila magsimpatiya sa sinumang nakikita nilang parang naaapi subali't nakapagtataguyod pa rin at nakapagpapanatiling-buo ng pamilya. Inilarawan nila ang "*hero*" sa buhay nila, kung saan, 60% ang naniniwala na ang "ama" na diumano'y siyang haligi ng tahanan at bumubuhay sa pamilya, ang higit sa lahat ay dapat nagpapakatatag, nagsusumikap upang ito ay mapanatiling-buo, nakatayo sa kahit anumang unos sa buhay. Ang ina naman ay pinaniniwalaan ding mas dapat may impluwensiya bilang ilaw ng tahanan na gumigiya sa bawa't miyembro nito. Masaklap isipin na karamihan sa mga batang magulo ang pamilya ay tuluy-tuloy na nasasadlak sa kapariwaraan, sapagka't ang kanilang mga magulang ay naging makasarili na inuuna pa ang kani-kanilang ***ego*** ó ***pride*** na nauuwi sa pagkawindang ng tahanan. Mabuti na lamang kung ang lahat ng bata ay may positibong pananaw na tinatanggap na hamon sa sarili ang sinapit ng kanilang pamilya, at sila sa kabila ng lahat, ay nagsisikap upang hindi matulad sa kanilang mga magulang at nagpupumilit na magkaroon ng isang maayos na hinaharap.

Kaya, iwasan sana ng mga magulang ang pag-aaway sa harap ng kanilang mga anak. Ang mga batang ito sa kanilang murang edad, ang salamin nang kung ano ang kanilang tahanan o mga gawi sa kanilang bahay. Kung isa siyang "***bully***" sa paaralan, ay sapagka't iyon lang ang kanyang normal na nakagisnan. At bago pa sana ang mag-asawa magdesisyong maghiwalay, isaalang-alang sana ang damdamin ng kanilang mga anak. Pakinggan ang kanilang saloobin tungkol sa ganitong bagay. Huwag maging makasarili. Karapatan ng bata ang isang kumpletong pamilya na magmamahal, mag-aaruga at huhubog sa kanya upang magkaroon ng isang katanggap-tanggap at buong pagkatao. Mga magulang, igalang ang damdamin ng inyong anak! Siya sana ay inyong pakinggan.

# Wildlife Enforcement Officers (WEOs) federation

## itinatag para mapalakas at mapatatag ang kanilang pagkakaisa at pagtutulungan para mapangalagaan ang yamang-gubat ng



*Engr. Leopoldo Badiola*
*Chief EERMD*

Sa layuning mapalakas at mapatatag ang pagkakaisa at pagtutulungan ng mga *Wildlife Enforcement Officers (WEOs)* sa mga bayan ng Labo, San Vicente at San Lorenzo Ruiz, itinatag ang Pederasyon ng WEOs sa pagpupulong nito na idinaos kamakailan sa Brgy. Tulay na Lupa, Labo, Camarines Norte. Sa naturang mga bayan matatagpuan ang *Abasig Matogdon Mananap Natural Biotic Area (AMMNBA)* na kanilang pinangangalagaan.

Sa halalang isinagawa, naluklok bilang pangulo ng Pederasyon si Cecilio O. Babala, Jr. ng Brgy. Tulay na Lupa, Labo, at mga pangalawang pangulo sina Jose Sergio, Jr. ng Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz; Noel Gonzales ng Brgy. Iraya Sur, San Vicente; at Domingo Logina ng Brgy. Tulay na Lupa, Labo .

Ang iba pang opisyales na napili ay kinabibilangan nina: Manuel Banila, Jr. – *Secretary*; Romulo Diaz, Jr. – *Treasurer*; Arthur Lurcha- *Auditor*; at Sixto Villacrusis, Sr., Alex Medollar, Nicanor Rada, Moises Regalado, Jesus Palencia at Antonio Conda, Jr. bilang mga kasapi ng *board of directors*. Nakatakdang idaos ang panunumpa sa tungkulin ng mga nahalal na opisyales sa buwan ng Agosto 2009.

Ang mga kasapi nito ay umaabot sa kabuuang 32 *WEOs* na mula sa nabanggit na mga bayan. Sa naturang bilang, 17 ang mula sa Brgy. Tulay na Lupa, Labo; 8 sa Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz at 7 mula sa iba't-ibang barangay ng San Vicente.

Samantala, pinagkalooban ng *Governor's Office (GO)* ang bawat *WEO* ng *flashlight*, bota at *bust jacket* upang lalo silang maging epektibo sa pagpapatrolya at panghuhuli sa mga magnanakaw ng yamang-gubat sa *AMMNBA* at sa karatig nitong mga kagubatan. Isinagawa ito sa pamamagitan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division (EERMD)* na pinamumunuan ni Engr. Leopoldo P. Badiola na nasasakupan ng *Office of the Governor (G.O.)*.

Matatandaan na ang mga *WEOs* ay pinagkalooban ng *deputation order* ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)* upang pangalagaan ang *AMMNBA* matapos silang sumailalim sa 1-araw na *seminar* tungkol sa *forestry laws, rules and regulations* na isinagawa kamakailan sa *Audio Visual Production Center (AVPC)* ng Kapitolyo. Ito ay magkatuwang na itinaguyod ng *DENR* at ng *GO-EERMD*. ***GCBINAY***



*Ang koponan ng pamahalaang panlalawigan sa pangunguna nina Executive Asst. IV Gerry Quiñones at SP Member Jonah Pimentel at koponan ng Diocese of Daet na binubuo naman ng mga kapararian dito sa lalawigan kasama si Provincial Sports Coordinator Jose Reniva kaugnay ng isinagawang friendly basketball game sa Cams. Norte Agro Sports Center.*

PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/ design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve -lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Linis-Lusog KIDS Project

## ipatutupad sa 7 piling paaralang elementarya dito




Ang *Linis-Lusog KIDS Project* na ipatutupad sa pitong (7) piling paaralang elementarya dito sa Lalawigan ng Camarines Norte ay pormal na ilulunsad bukas, Hulyo 1, 2009 sa pamamagitan ng isang *turnover ceremony* sa Menandro Guinto *Elementary School* sa bayan ng Vinzons, isa sa mga benepisaryo nito.

Ito ay itinataguyod ng *Department of Education (DepEd), GMA Kapuso Foundation* at *United Nations Children's Fund (UNICEF)* sa hangaring maitimo sa kaisipan at maisabuhay ng mga kabataang mag-aaral ang kahalagahan ng pansariling kalinisan at sanitasyon. Layunin din ng proyekto na maiangat ang antas ng kalusugan ng mga kabataang estudyante sa pamamagitan ng pagpapababa sa kaso ng pagkasira ng kanilang ngipin mula 30% hanggang 40% at mapababa rin ng 30% ang insidente ng pagtatae *(diarrhea)* sa hanay ng mga mag-aaral.

Samantala, ang naturang *turnover ceremony* ay pangungunahan nina Manuel B. dela Fuente, *executive director* ng *GMA Kapuso Foundation (GMAKF)* Ma. Lourdes de Vera Mateo, *executive chief, UNICEF Manila* at *DepEd Undersecretary* Vilma L. Labrador. Nakatakda rin silang magbigay ng kani-kaniyang *turnover messages*. Bilang mga kinatawan nina Ms. Carmela C. Tiangco, *executive vice president* ng *GMAKF*; Ms. Vanessa Tobin, *UNICEF Representative to the Philippines*, at *DepEd Secretary* Jesli A. Lapus, ayon sa pagkakasunod.

Sa programang isasagawa kaugnay nito nakatakdang magbigay

(Sundan sa pahina 9)

# *Alamin ang* cervical cancer

**Ano ang *cervical cancer*?**

Ang *cervical cancer* ay nakaaapekto sa mga kababaehan at nabubuo sa *cervix*, ang bukana sa pagitan ng uterus at vagina. Ito ay nagaganap kapag ang *normal cells* sa *cervix* ay naging *cancer cells*.

**Ano ang mga senyales at sintomas nito?**

Ang nagsisimula pa lamang na *cervical cancer*, samantalang maaaring magamot ay WALANG SINTOMAS *(NO SYMPTOMS)*. Ito ay maaari lamang matukoy sa pamamagitan ng regular na pagpapasuri o *regular screening*. Ang *late stage cervical cancer* ay mapupuna lamang sa alinman sa mga sumusunod na sintomas: *abnormal vaginal bleeding*, mabahong amoy (*foul smell*), *purulent discharge* (paglabas ng nana), *pelvic pain*, hindi maipaliwanag na pagbaba ng timbang, at

(Sundan sa pahina 8)

# Buwan ng Nutrisyon

## *pinaghahandaan na ng CNorte*



*Mrs. Mercedes Juan*

Makikiisa ang pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte sa pambansang selebrasyon ng Buwan ng Nutrisyon sa Hulyo ngayong taon na nakasentro sa paksang, "Wastong Nutrisyon Kailangan, *Lifestyle Diseases* Iwasan".

Ito ay pangangasiwaan ng *Provincial Health Office (PHO)* sa pamamagitan ni Ms. Mercedes M. Juan, *Nutrition Dietitian II* at nakatalagang *Provincial Nutrition Action Officer* sa Camarines Norte at sa pakikipag-ugnayan sa mga kinauukulang pamahalaang lokal, ahensya at tanggapan.

Napakaangkop ng napiling tema ngayong 2009 na binibigyangtuon ang kahalagahan ng wastong nutrisyon para maiwasan at makontrol ang *lifestyle diseases* na isa sa mga panunahing dahilan ng pagkakasakit at pagkamatay.

Ayon sa *World Health Organization (WHO)*, sa naitalang 58 milyong namatay noong 2005; mahigit na 35 milyon o 60.34% ay dahil sa *lifestyle diseases*.

Dito sa Pilipinas, ilan sa mga pangunahing sanhi ng pagkakasakit at pagkamatay ay sakit sa puso at sakit sa *vascular system*. Naitala rin na 90% ng mga Pilipino ay may isa o mahigit pang mga *risk factors*.

Ang *lifestyle diseases* o *non-communicable diseases (NCDs)* ay may kinalaman sa ating pang-araw-araw na pamumuhay o *lifestyle* partikular na ang uri ng mga pagkaing kinakain natin. Ang pagkakaroon ng *lifestyle diseases* ay nagsisimula sa sinapupunan pa lamang at ito ay maaaring magpatuloy kung hindi agad matutugunan.

Kasama sa *lifestyle diseases* ang sakit sa puso *(cardiovascular diseases)*, kanser, diabetes mellitus, at mga sakit sa baga *(chronic respiratory diseases)* na isa sa mga pangunahing dahilan ng pagkamatay at pagkakasakit. Ito ay bunga ng ating *physical inactivity* (hindi aktibong pagkilos), paninigarilyo, pag-inom ng alak, pagiging mataba, maling diyeta at malnutrisyon (labis o kulang na nutrisyon).

Ayon sa *Food and Nutrition Research Institute (FNRI)* ng *Department of Science and Technology ()DOST)*, ang LDs ay maiuugnay sa tumataas nating pagkunsumo ng isda, karne, manok at kauri nito, itlog, asukal at matatamis na pagkain, mamantika, matataba at maaalat na pagkain. Samantala, bumababa naman ang kunsumo natin ng gulay, prutasat iba pang *fiber-rich* na pagkain.

Base sa pag-aaral, nagbabago ang *diet pattern* ng mga Pilipino dahil sa madalas na pagkain sa labas, *information technology*, impluwensya ng *mass media*, urbanisasyon at globalisasyon. Kasama rin dito ang *trade liberalization* na nagpapataas sa presyo ng mga produktong lokal kaya mas binibili ang mga produktong banyaga na mas mababa ang halaga.

Dahil dito, nagkakaroon tayo ng *unhealthy diet* o mataas na pagkunsumo ng mga pagkaing nagtataglay ng mataas na kaloriya o enerhiya, mababang *nutrients*, mataas na *saturated fat, trans-fat, refined carbohydrate*s at asin, at mababang *fiber* o hibla mula sa prutas at gulay.

Para mapanatili ng bawat indibidwal ang wastong nutrisyon at makaiwas sa l*ifestyle diseases*, dapat nilang gawin ang mga sumusunod: pagkain nang sapat at hindi sobra para magkaroon ng tamang timbang; siguruhin na laging balanse ang kinakain sa pangangailangan ng katawan; pag-iwas sa pagkain ng mga karneng may taba, mamantikang ulam at panghimagas at pagkaing may *trans-fats;* dagdagan ang kain ng gulay at prutas arawaraw, mga 5 dulot o higit pa; pag-iwas sa mga matatamis na pagkain at inumin; pag-iwas sa maalat na pagkain at asin ngunit ipinapayong gumamit pa rin ng tamang dami ng *iodized salt*; pag-iwas sa alak at paninigarilyo; pagehersisyo ng limang (5) beses sa isang lingo, mga 30 minuto o higit pa kada araw, at; pagiwas sa *stress* o tensyon.

May mahahalagang papel din na dapat gam-

(Sundan sa pahina 6)

# Buwan ng...

(Mula sa pahina 5)

panan ang bawat pamilya, pamayanan at paaralan para mapigil ang paglaganap ng mga *lifestyle diseases*. Ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod: pagtatanim ng mga gulay at prutas, pagsusulong ng *breastfeeding* o pagpapasuso ng ina sa sanggol; sama-samang pag-ehersisyo at pagpatimbang; regular na pagpapatsek-ap, at pagtiyak na masusustansyang pagkain ang itinitinda sa mga tindahan sa inyong lugar.

Ang mga *non-government organizations (NGOs)*, pribadong sektor at *civil society* ay dapat naming magkaroon ng *wellness program*, magsagawa ng seminar tungkol sa *healthy diet* at *lifestyle;*

Mahalaga rin na makiisa sa pagkilos ang mga *food industry* at *food establishments* sa pamamagitan ng paghahain ng mga pagkaing mababa sa asin, asukal, taba at kaloriya; paglalagay ng *nutrition label* o ipaalam sa mga mamimili ang *nutritional value* o sustansyang taglay ng mga pagkaing inihahanda nila, at ang pagpopromote ng *healthy diet*.

Upang matugunan ang malawakang problema sa *lifestyle diseases*, ang pamahalaan ay dapat magbalangkas ng mga polisiya at patakaran para maging mas mura at mas dumami ang suplay ng mga lokal na prutas at gulay sa mga pamilihan; maglagay ng mga imprastraktura para sa pag-eehersisyo; magkaroon ng batas ukol sa *nutrition labeling*, at i-*regulate* ang mga produktong ginagamitan ng *trans-fatty acids*. ***LT IBASCO*** (***Source: www.doh.gov.ph/nnc***)




***Ang Barasaan sa Dalan na binuhay muli ng pamahalaang panlalawigan sa pangunguna ni Provincial Tourism Officer-Designate Edgardo Reyes na isinagawa sa downtown Daet kaugnay ng selebrasyon ng kapistahan ni San Juan Bautista dito sa bayan ng Daet. Ito ay nilahukan ng iba't-ibang civic organizations dito.***






# Mga piling larawan



*1) Ang ceremonial toss na pinangunahan ni Gob. Jesus "Atoy" O. Typoco, Jr. kasama sina SP Member Jonah G. Pimentel, Executive Asst. IV Engr. Gerry Quiñones, SP Member Boyet Lee ng Sorsogon at Ex-Mayor Elmer Panotes, SP Member Michael Canlas at Provincial Sports Coordinator Jose Reniva, bilang pagbubukas sa 1st Gov. Jesus Typoco Cup Open Basketball Tournament na isinasagawa sa CN Agro Sports Center; 2) Ang mga opisyal ng Philippine Charity Sweepstakes Office na sina Rameliza M. Gabuyo, PCSO STBR Dept. Manager; Estrella P. Abasolo, OIC CLOO-PCSO Cam. Norte, at PCSO Social Worker Ella Peña, nang sila ay bumisita at mag-courtesy call sa tanggapan ni Gob. Typoco kaugnay ng kanilang charity caravan na isinagawa rito sa lalawigan; 3) Ang pagdalaw ng Mahal na Ina dito sa pamahalaang panlalawigan bago siya dalhin sa bayan ng Libmanan, Camarines Sur bilang bahagi ng kanyang itinerary dito sa Camarines Norte kaugnay pa rin ng ika-300 taong anibersaryo ng Mahal na Birheng Peñafrancia; 4) Si Gob. Atoy Typoco habang nag-eensayo kaugnay ng laro nila kalaban ang mga pari mula sa Diocese of Daet na isang friendly game lamang; 5) Ang ilang opisyal ng UNICEF at GMA 7 nang sila ay bumisita sa tanggapan ni Gob. Typoco, Jr. kaugnay ng programang Sixth Country Program for Children ó CPC 6 na ipinatutupad ng administrasyon ng gobernador at ng pamahalaang panlalawigan.*










# Alamin ang cervical...

(Mula sa pahina 5)

hirap sa pag-ihi at pag-dumi *(urinary or bowel difficulties)*.

Ano ang nagiging sanhi ng *cervical cancer*?

Ang *Human Papilloma Virus (HPV)* ang pangunahing sanhi ng *cervical cancer*, 99.7% *of the time*.

Mayroong mahigit sa *100 HPV strains* na nakaaapekto sa mga kababaehan kung saan 15-20 nito ay nagiging sanhi ng *cervical cancer*. Kung mahina ang resistensya, ang mga kababaehan ay maaaring tumagal ang pagkakaroon ng tuluy-tuloy na impeksyon na may *cancer-causing strains* ng *HPV* na maaaring mabuo bilang kanser sa loob ng 10-30 taon.

Paano ako maaaring mahawahan ng *HPV*?

Ang bawat babae ay nasa panganib. Hanggang 80% ay maaaring makakuha ng *HPV infection* minsan sa isang panahon ng kanilang buhay. Ito ang pinakakaraniwang *viral infection* na naisasalin sa pamamagitan ng pakikipagtalik.

Ang *HPV* na nagdadala ng kanser ay maaaring makuha sa pamamagitan ng *skin-to-skin contact* ng *genital area* at hindi nangangailangan ng penetrasyon para mailipat.

Kung ako ay may *HPV*, nangangahulugan ba ito na magkakaroon ako ng kanser?

May iba pang bagay/aspeto na nakadaragdag para magpatuloy ang impeksyon at maging *cervical cancer*. Ito ay ang: paninigarilyo *(smoking)*; *sexual activity* bago sumapit sa edad na 20 taon; pakikipagtalik sa iba't-ibang tao *(multiple sexual partners)*; maraming bilang ng pagdadalantao *(multiple pregnancies)*; *previous sexually transmitted infections)*; paggamit ng *oral contraceptive pills* sa mahabang panahon; at pagkakaroon ng mahinanang resistensya *(state of lowered immunity)*.

Paano ko maiiwasang magkaroon ng *cervical cancer*?

Ang malakas na resistensya ay makatutulong para maiwasan ang *cervical cancer*. Palakasin ang iyong resistensya sa pamamagitan ng pagkakaroon ng *Healthy Lifestyle* at *HPV Vaccination*.

Ang *Healthy Lifestyle* ay nangangahulugang …

Ehersisyo *(exercise)*.

Pagtigil sa paninigarilyo *(smoking cessation)*.

Pagkakaroon ng balanseng pagkain *(eating balanced diet)*.

Pagkakaroon ng isang panghabambuhay na kasama *(a lifetime of mutual monogamy)*.

Ang *HPV Vaccination* ay proteksyon laban sa *HPV 16* at *18* na nagiging sanhi ng *70%* ng lahat na kaso ng *cervical cancer* sa buong mundo. Mayroong bakuna para sa mga kababaehang may edad 9-10 taong gulang at pataas. Ito ay walang seryosong epekto.

Ano pa ang maaari kong gawin para protektahan ang aking sarili?

Ang pagpapasailalim sa *screening* para sa *cervical cancer* ay makatutulong sa iyong doctor na matukoy ang maaaring pagsisimula ng kanser *(precancerous or early cancer lesions)*, para ito ay mapigilan kaagad sa antas na maaari pang magamot. Ang babae na hindi nakapagpasuri ay limang (5) beses na nanganganib namagkaroon ng cervical cancer.

Mayroong iba't-ibang *screening methods* para sa *cervical cancer*:

***Pap Smear***—Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pag-*scrape* o pagkayod ng mga himaymay *(cells)* mula sa *cervix* para matukoy kung ang isang babae ay may *cancer* o *pre-cancer cells*. Ang screening ay dapat na simulan tatlong (3) taon pagkatapos ng unang pakikipagtalik o pagsapit sa edad na 21 taon. Ito ay ginagawa bawat taon o tuwing 2-3 taon pagkatapos sumapit sa edad 30 taon kung ikaw ay nagkaroon ng tatlong (3) sunud-sunod na negatibong *smears*.

***The Single Visit Approach (SVA)***

Sa pamamagitan ng *SVA*, ang isang babae ay pinapayuhan na magkaroon ng healthy lifestyle at magpabakuna, magpasuri sa pamamagitan ng *Visual Inspection* ng *cervix* gamit ang *Acetic Acid* o *VIA* at kung kinakailangan, sumailalim sa *cryotherapy* o i-*refer* sa kapartner/katulong na referral institution sa isang pagbisita lamang. Ito ay isang ligtas at murang paraan ng pagpapasuri na inirerekomenda para sa mga mababa ang kita.

Ang *Cervical Cancer Prevention (CECAP) Network of the Philippines* ay kumikilos para masugpo ang paglaganap ng servical cancer sa mga kababaehang Pilipino. Ang CECAP ay nangakong palakasin ang mga Pilipina laban sa sakit na ito sa pamamagitan ng pagpataas sa antas ng kanilang kamalayan at pagbibigay-daan para maisailalim sa *screening* na nakaugnay sa paggamot.

Ang *CECAP Network* ay nakatayo sa iba't-ibang lugar sa Luzon, Visayas at Mindanao na nagbibigay ng *Single Visit Approach* sa mga *underserved Filipino women*. Ang mga *CECAP sites* ay pinangangasiwaan ng mga may matatalino at dalubhasang tagapagserbisyo/tagapaglingkod. Ang aming mga *Regional Training Centers* ang siyang tagapanguna sa pagbibigay ng tuluy-tuloy na –kalidad na pagsasanay para sa *SVA platform*.

Para ***sa*** ibang impormasyon, maaaring kumontak sa:

***CECAP Center***
***3rd Floor, Cancer Institute***
University of the Philippines-Philippine General Hospital
Taft Avenue, MM, Philippines
**(+632) 567-4274**
cecap_phil@yahoo.com

# Patimpalak sa...

(Mula sa pahina 10)

kautusan at *issuances* na kaugnay ng programa. Matatandaan din na nagpulong na kamakailan ang komitiba para matiyak ang sistematikong implementasyon ng patimpalak.

Para sa kaalaman ng lahat na pamahalaang lokal sa lalawigan na interesadong lumahok sa GPPK 2009, ang pamantayan na gagamitin sa pagpili ay nahahati sa: *physical conditions of built-in areas* na may bigat na 70% at *support systems* na may timbang na 30% ó sa kabuuang 100%.

Samantala, ang *physical condition* ng *built-in areas* ay hinati sa *general cleanliness* na may bigat na 50% at *urban-space greening* – 20%. Ang kategoryang *general cleanliness* ay nahahati naman sa *absence of eyesores* ó mga bagay na masakit sa paningin, tulad ng basura, luma at sira-sirang *istremer* at *posters*, atbp.– 5%; *well-maintained facilities* o maayos at napapangalagaang pasilidad– 20%, at; *presence of healthful and environment-friendly practices* – 25% na may kabuuang 50%. ***LT IBASCO***

# Pamahalaang panlalawigan ...

(Mula sa pahina 10)

panahon. Layunin din nito na maitimo sa kamalayan ng publiko ang pagmamahal at pangangalaga sa kalikasan at ang kahalagahan nito sa paghubog ng isang moderno at makabagong pamayanan.

Matatandaandin na ang 1-buwang selebrasyon ay pormal na inilunsad sa bansa noong Hunyo 5, 2009 kaalinsabay ng *World Environment Day*. ***LT IBASCO***

# Communication...

(Mula sa pahina 2)

*Network (KNN)*.

Ang naturang *task-force* ang siyang gagawa ng mga plano at pagpapatupad ng mga *communication programs and activities* ng *CPC 6* gayundin ang pakikipagugnayan sa mga kinauukulang pambansang tanggapan at ahensya at mga katuwang na *non-government organizations (NGOs)*.

Layunin nito na mapaigting ang implementasyon ng *Convention on the Rights of the Child (CRC)* sa pamamagitan ng *Child Friendly Movement (CFM)* para mapababa ang *disparity* ng *key indicators* ng mga programang makabata at maipagpatuloy ang mga tagumpay na nakamit nito sa ilalim ng *Fifth Country Programme for Children (CPC V)*.


Ngayong taong 2009, target ng *communication sector* na higit na mabigyang-pansin ang karapatan ng mga kabataan sa lalawigan; maging *CRC compliant*; mas maging makabata ang *media (print/broadcast/TV)* sa pagpapaabot ng mga balita na sangkot ang mga kabataan; magbigay ng mas malinaw na tugon ang mga lokal na opisyal sa mga suliraning kinakaharap ng mga kabataan, at; isagawa ng mas maraming *stakeholders* ang mga *CFM practices*. - ***LT***

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| Medical Officer III | 4051 | 18 | | 2 | PHO | Doctor of Medicine | None required | None required | R.A. 1080 | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***

# CNorte ligtas pa rin sa influenza A (H1N1) virus



*Dr. Arnulfo G. Salagoste*
*Provincila Health Officer*

Ipinahayag kamakailan ng pamunuan ng *Camarines Norte Provincial Hospital-Provincial Health Office (CNPH-PHO)* na hanggang sa kasalukuyan ay wala pa ring naitatalang sinumang indibidwal na nagpositibo sa *influenza A (H1N1) virus*.

Ang mga napabalitang maramihang pagkakaroon ng lagnat ng ilang residente sa lalawigan partikular sa bayan ng Daet ay ang tinatawag na *seasonal flu* na madaling magamot at makontrol ang pagkalat.

Binigyang-diin din ng pamunuan ng *CPNH-PHO* na bawat isa ay dapat maging responsable, maingat at alerto para makaiwas ang lalawigan sa posibilidad ng pagkalat dito ng *influenza A (H1N1) virus*.

Ika nga, dapat tayong maging ***ToDOH Alerto Laban sa Flu!***

Kaugnay nito, kailangan nating maging mapagbantay at mapagmasid. Kapag nagkaroon tayo o sinuman sa ating pamilya at kaibigan ng mga sumusunod na senyales at sintomas ng *H1N1* tulad ng pagkakaroon ng lagnat na mula *37.8 degree centigrade* at pataas, madalas na pagsakit ng ulo, pagkapagod, pagkakaroon ng *muscle* o *joint pains*, kawalan ng gana sa pagkain, *runny nose, sore throat*, at ubo, at sa ilang kasong naiulat ay ang pagkakaroon ng pagtatae *(diarrhea)*, pagsusuka *(vomiting)* at *nausea*.

Ang *H1N1* ay maaaring maisalin sa ibang tao sa pamamagitan ng pagkalantad sa *droplets* mula sa pagubo at pagbahing ng taong may *influenza A (H1N1)*. Kabilang din dito ang paghawak o paggamit sa mga bagay na may *flu viruses* at pagkatapos ay saka hahawak sa ating bibig, ilong at/o mata.

Ipinaaalam din sa publiko na ang *H1N1 virus* ay hindi nakukuha sa pamamagitan ng pagkain ng karneng baboy na maayos at husto ang pagkakaluto. Ang virus ay namamatay sa *cooking temperatures* na 160 *degrees Fahrenheit* o 70 *degrees Celsius*. Ang *incubation period* nito ay 7 hanggang 10 araw mula sa *time of exposure* hanggang sa *first onset* ng *signs and symptoms*.

Ang *Oseltamivir* o *Zanamivir* ang inirerekomendang gamot at/o panlaban sa impeksyon na dala ng nasabing *virus*. Ngunit mahalaga na komunsulta muna sa doktor bago gumamit ng mga nabanggit na gamot.

Upang makaiwas sa naturang sakit, kailangan nating pangalagaan ang ating sariling kalusugan at kalinisan. Ito ay sa pamamagitan ng pagtatakip sa ilong at bibig tuwing umuubo, sumisinga at/o bumabahing. Dapat ding ugaliin ang paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig, at least 20 *seconds* o kaya'y paggamit ng *alcohol-based hand sanitizers* lalo na pagkatapos mag*handle* ng mga pasyente at *specimen*, gayundin, bago at pagkatapos kumain, matapos gumamit ng palikuran at kung kinakailangan. Ipinapayo ring iwasan ang madalas na paghawak sa mata, ilong at bibig sapagkat kumakalat ang mikrobyo sa pamamagitan nito.

Maliban sa mga nabanggit, kailangan din nating palakasin ang resistensya ng ating katawan sa pamamagitan ng pagtulog ng *at least* walong (8) oras bawat araw. Dapat din tayong maging *physically active* sa pamamagitan ng regular na pag-eehersisyo. Kailangan din nating matutuhan na i-*manage* ang ating *stress*. Kasama rin dito ang pag-inom ng maraming tubig/natural na *juice* gayundin ang pagkain ng masusustansyang pagkain tulad ng prutas at gulay.

Kaugnay pa rin nito, kailangan tayong magkaroon ng *social distancing*. Iwasan natin ang pagpunta sa mga matataong lugar at *close contact* sa mga taong maysakit. Kung maysakit, mas makabubuting manatili sa loob ng bahay hanggang matiyak na ligtas mula sa mga *signs* at *symptoms* ng *influenza A (H1N1) virus*. Sakali namang makaranas ng naturang mga sintomas ng *H1N1*, komunsulta kaagad sa doktor at ipaalam ito sa angkop na *health authorities*.

Bilang karagdagan, ang *influenza A (H1N1)* ay sanhi ng *novel viirus* na resulta ng pagkakasama-sama ng 4 *viruses* mula sa mga baboy, tao at ibon. Ang bagong *virus* na ito ay nagdadala ng sakit sa mga tao at unang na-*detect* sa tao noong Abril 2009 sa Estados Unidos. Ito ay kumakalat *from person-to-person*, na maaaring kahalintulad din ng pagkalat ng *regular seasonal influenza viruses*. Wala pang bakuna para maprotektahan ang mga tao mula sa nasabing *virus*. Gayunman, may mga existing at rekomendadong medisina/gamot na epektibo laban sa *influenza A (H1N1)*. Ang naturang sakit ay maaaring magdulot ng pagkamatay sa mga tao dahil sa *severe respiratory distress (pneumonia)*.

Kung minsan, ang *influenza A (H1N1)* ay tinatawag na *'swine flu'* dahil lumabas sa mga *laboratory tests* na karamihan sa mga genes sa bagong *virus* na ito ay halos kahalintulad ng *influenza viruses* na karaniwang lumalabas sa mga baboy sa *North America*. Ngunit lumabas sa sumunod na mga pag-aaral na ang nasabing bagong *virus* ay malaki ang pagkakaiba sa *virus* na karaniwang dumadapo sa mga baboy sa *North America*. Ito ay may 2 *genes* na mula sa *flu viruses* na karaniwang tumatama sa mga baboy sa Europa at Asya maliban pa sa *avian* at *human genes*. Tinatawag ito ng mga siyentista na *'quadruple reassortant' virus*. ***LT IBASCO***

# Citizen's Charter ...

*(Mula sa pahina 3)*

kasentro sa mga serbisyong ibinibigay ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan gayundin ang proseso at mga taong responsable. Ang *workshop output* ay kinalap ng *taskforce* na gagamitin nito sa pagbuo ng *Citizen's Charter*.

Maliban sa nabanggit na gawain, isinagawa rin ang isang araw na oryentasyon/re-oryentasyon patungkol sa *Personnel Management System (PMS)* na dinaluhan din ng mga *department heads* ng mga tanggapan ng pamahalaang panlalawigan at hepe ng mga dibisyon ng *Office of the Governor*. Naging tagapagtalakay rito si Ms. Cathy Camu-Pielago, *senior personnel specialist* ng *CSC FO*.

Sa sandaling mabuo ang *charter*, ito ang magsisilbing gabay sa mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan sa pagtugon sa kani-kanilang mga tungkulin. Nakasaad dito ang mga detalyadong proseso sa mga pampublikong transaksyon na kinabibilangan ng uri ng ser bisyong ipinagkakaloob ng mga kinauukulang panlalawigang tanggapan, mga kinakailangang dokumento o *requirements* para makakuha ng serbisyo; haba ng panahon para maibigay ang serbisyo; halagang dapat bayaran at ang proseso sa paghahain ng reklamo kung hindi nasiyahan ang kliyente sa serbisyong tinanggap.

Samantala, ang sinumang opisyal o kawani ng pamahalaan na: (1) tumanggi na tanggapin ang aplikasyon o kahilingan; (b) tugunan ang pangangailangan o serbisyong hinihingi ng sinumang kustomer; (c) hindi nakapagpadala ng liham-notisya sa di pagka-aproba sa aplikasyon ó kahilingan; ó humingi ng karagdagang bayad ó mga dokumentong hindi kailangan ay papatawan ng karampatang parusa. Kaugnay nito, maglalagay rin ng *public assistance complaints' desk* sa Kapitolyo Probinsyal alinsunod sa itinatakda ng *RA 9485*. ***LT IBASCO***

# Linis-Lusog ...

*(Mula sa pahina 5)*

ng *welcome remarks* sina Vinzons Mayor Oliver R. Ferrer, Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. at Congresswoman Liwayway Vinzons-Chato. Pangungunahan naman ni *DepEd Regional Director* Celedonio L. Layon, Jr., *PHD*. ang pagpapakilala sa panauhing tagapagsalita na si *DepEd Usec.* Labrador na nakatakda ring pangasiwaan ang demonstrasyon sa mga kabataan ukol sa tamang pagsisipilyo ng ngipin at paghuhugas ng kamay.

Pamumunuan naman ni *GMA Kapuso Foundation Exec. Dir.* Dela Fuente ang *ceremonial turnover* ng mga *health packages* na kung matatandaan ay una na ring naipamahagi sa anim (6) pang benepisaryong paaralan na kinabibilangan ng Sto. Domingo *E/S*, Guinacutan *E/S* at M. Balon *E/S* sa bayan ng Vinzons, at; Pag-asa *E/S*, Sta. Milagrosa *E/S* at Larap *E/S* sa bayan ng Jose Panganiban. Para magkaroon ng malinis na suplay ng tubig ang mga mag-aaral sa MGES, nagdagdag ng linya ng tubig ang *Camarines Norte Water District (CNWD)* kung saan ang ginastos sa patrabaho ay sinagot ng pamahalaang panlalawigan at pinunduhan naman ng *UNICEF* ang mga materyales na ginamit.

Inaasahan din na bibisitahin ng mga panauhin ang Pag-asa E/S sa Jose Panganiban kung saan katatapos lamang ng konstruksyon ng *deep well* na may *electric water pump* na pagkukunan ng ligtas at malinis na tubig ng mga mag-aaral doon. Ang materyales din nito ay mula sa *UNICEF* at ang gastusin sa pagpapatrabaho ay sinagot ng pamahalaang panlalawigan. ***LT IBASCO***

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 12 DAET, CAMARINES NORTE HUNYO 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

# Patimpalak sa pinakamalinis, pinakaluntiang pamahalaang lokal muling isasagawa

Isasagawang muli ng pamahalaang panlalawigan ang taunang patimpalak nito para sa pagpili ng pinakamalinis at pinakaluntiang pamahalaang lokal sa lalawigan ng Camarines Norte na mas kilala bilang Gawad-Punong Panlalawigan sa Kapaligiran (GPPK).

Kaugnay nito, ipinalabas ng Tanggapan ni Punong Panlalawigan Jesus O. Typoco, Jr. ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2009-11 na bumubuo sa *Provincial Search Committee (PSC)* na pangangasiwaan ni *Provincial Director* Robin M. Mercado ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)*, bilang *coordinator* at *chairman* ng komitiba.

Makakasama ni PD Mercado sa komitiba ang Daet Lions Club bilang *co-chairman*; ang PENRO bilang *vice chairman*, at; Kiwanis Club of Daet bilang *co vice-chairman*. Ang mga miyembro nito ay sina Rosalita B. Manlangit ng *Philippine Information Agency (PIA)*; Dr. Arnulfo G. Salagoste, *Provincial Health Officer-Provincial Health Office (PHO)*, at; ang *Department of Education (DepEd)*. Ang *secretariat*, *documentation* at *support staff* nito ay kinabibilangan nina Melody E. Relucio, *Technical Services Division Chief, DILG*; Purita P. Briñas, *Community Affairs Officer IV, CAO/SSWDSD –Office of the Governor*; Camilo B. Monasterial, DILG; Luigi Martin P. Querubin, *CAO/SSWDSD -G.O.*, at; Gerome M. Ibis, *DILG*.

Kabilang sa mga tungkulin ng komitiba ang pagbibigay ng tulong-teknikal sa mga pamahalaang lokal at pagsasagawa ng *briefing* at *consultation* sa kanilang *local counterparts* patungkol sa mga kasalukuyang batas,

(Sundan sa pahina 8)



***Ang scenic view sa itaas ng Canton Island na bahagi pa rin ng 7 Group of Islands ng Mercedes na dinarayo ngayon ng mga turista. Bahagi ang trekking sa tuktok ng islang ito sa itinerary ng tour packages na iniaalok ng ilang private tour operators dito sa lalawigan. Kung nais na makarating o magsagawa ng island hopping sa 7 isla ng Mercedes makipag-ugnayan sa tanggapan ng Provincial Tourism Office sa pamumuno ni Edgardo "Boy" Reyes sa Provincial Capitol Complex, Daet, CN-Tel. No (054)721-3087 ó kaya ay bumisita sa www.fuertecamarinesnorte.com.*** ***(photo grab: melvicbriñas.multiply.com)***

# Pamahalaang panlalawigan, iba pang tanggapan nakiisa sa Environment Month 2009


PENRO Elpidio Z. Orata

Nakiisa ang pamahalaang panlalawigan at iba't-ibang sangay ng pamahalaang lokal at nasyonal sa Camarines Norte sa selebrasyon ng *Environment Month* ngayong Hunyo 2009 sa pamamagitan ng pagsasabit ng istremer sa kani-kanilang tanggapan na naglalaman ng tema ng selebrasyon na, ***"Your Planet Needs YOU! UNite to Combat Climate Change"***.

Ang naturang gawain ay isinulong ng sangay rito ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)*, ang *Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO)* na pinamumunuan ni OIC-PENRO Elpidio Z. Orata.

Alinsunod sa *Presidential Proclamation No.* 236, ipinagdiriwang sa bansa ang naturang pandaigdigang aktibidad na naglalayong hikayatin ang lahat ng bansa, pamahalaan at *stakeholders* na magkapit-bisig at sama-samang kumilos para tugunan ang problema ukol sa *climate change* o biglang-pabagu-bagong lagay ng

(Sundan sa pahina 8)